Light Reading, newsletter ng customer ng Seattle City Light
Enero-Pebrero 2014

Mula sa general manager

Kadalasan naming sinasabi na ang City Light ay mahusay na tagapangalaga ng kalikasan, at makakatulong sa utility ang aming mga plano sa istratehiya na mapatuloy ang pamumunong iyon.

Basahin kung paano kami gumagawa ng pagbabago sa aming pinakabagong Environment Report, available ngayon online sa www.seattle.gov/light/environment.

Sa mga pahina nito, ipinapakita namin na sineseryoso ng utility ang dedikasyon nito sa kalikasan, at sa mga taong pinaglilingkuran namin.

Habang nag-aalok ng malinis na hydroelectricity sa mga customer, pinagsisikapan ng utility na protektahan ang salmon, ipanumbalik ang tirahan ng mga hayop, at na magtipid ng enerhiya.

-Jorge Carrasco, general manager at chief executive officer

Patimpalak sa crossword

Nakakatipid sa City Light ng enerhiya at pera ang mga customer mula pa noong 1977. Nakatago ang karamihan sa mga paraang nakakatulong kami sa mga customer na "Maging Makalikasan (Go Green and Get Green)" sa isang City Light crossword puzzle. Tingnan ito sa newsletter ng Enero-Pebrero na kasama ng iyong bill sa City Light. Sumali para sa pagkakataong mapanalunan ang top na premyong Kindle e-reader. Higit pa sa www.seattle.gov/twistandsave.

Paalam mga bumbilya

Na-phase out na ang mga maaksayang 75- at 100- watt na incandescent bulb, at aalisin na rin ang mga 40- at 60- watt incandescent light bulb sa paglipas ng panahon bilang pagtugon sa mga pederal na pamantayan sa kahusayan. Mag-aalok ang mga tindahan ng mahusay na bumbilyang gumagamit ng mas kaunting enerhiya. Alamin ang tungkol sa mga instant na diskwento ng City Light, mga tip sa pagpili ng tamang bumbilya, at higit pa sa www.seattle.gov/twistandsave.

Energy Advisor tip

Madaling tuparin ang pangakong magtipid ng enerhiya ngayong taon. Sa pagtitipid ng enerhiya, makakatipid ka rin ng pera, at may positibo itong epekto sa iyong komunidad pati na rin sa planeta. Nag-aalok ang mga programa sa pagtitipid ng City Light ng iba't ibang paraan upang makatipid. Bumisita sa www.seattle.gov/light/TIPS.

Pagandahin ang tanawin

Binabawasan namin ang bilang ng mga double utility-pole sa teritoryo ng aming serbisyo, na ginagamit rin kasama ng mga kumpanya ng cable at iba pa. Magtanong tungkol sa double pole sa pamamagitan ng pagtawag sa 206.684.POLE (7653) o mag-email sa scl_dblpole@seattle.gov. Mangyaring ibigay ang pitong-digit na numerong kulay itim at dilaw na nakakabit sa poste.

Tulong para sa bayarin sa utility

Nag-aalok ang Programa ng Diskwento sa Utility ng hanggang 60 porsyentong matitipid para sa mga customer na kwalipikado ang kinikita. Alamin ang higit pa sa www.Seattle.gov/Light/Discount. Ang Project Share, isang programang sinusuportahan lang ng mga donasyon ng customer, ay nagbibigay ng emergency na tulong sa mga customer na nahihirapang magbayad ng kanilang mga bill sa kuryente. Kumuha ng impormasyon sa www.seattle.gov/light/help/share/ o tumawag sa 206.684.3000.

Take Winter By Storm
Kaakibat ang City Light ng Take Winter By Storm, isang kampanyang tutulong sa iyong makaraos sa masamang kalagayan ng panahon. Kumuha ng mga update mula sa National Weather Service, impormasyon sa kalsada at trapiko, pagsasara ng paaralan, at iba pa sa http://takewinterbystorm.org/.

Mga Video sa YouTube
Naghahatid ang Youtube library ng City Light ng mga video na nakakatuwa at puno ng impormasyon. Bumisita sa www.youtube.com/user/SeattleCityLight.

Mga LED streetlight
Nakumpleto na ng City Light ang pagpapalit nito ng higit sa 40,000 na residential streetlight sa tipid-enerhiyang LED at nagsimula na kaming mag-convert ng aming mga arterial streetlight. Ang mga LED ay nagbibigay ng mas magandang ilaw, mas maaasahan, nakakabawas sa pagkonsumo ng enerhiya at nakatipid ng pera.

Tip para sa kaligtasan mula sa field
"Kung makakita ka ng portable generator sa panahon ng kawalan ng kuryente, huwag na huwag itong gamitin sa loob ng tahanan, kasama ang garahe o paradahan ng sasakyan. Para maging mas ligtas, maglagay ng mga carbon dioxide alarm sa iyong tahanan." – James Alexander, City Light crew chief

Walang kuryente?
Sa panahon ng kawalan ng kuryente, kumuha agad ng impormasyon:
-mapa ng online outage: www.seattle.gov/light/sysstat/
-mobile phone app: www.seattle.gov/light/mobile/
-Twitter: twitter.com/SEACityLight
-Facebook: www.facebook.com/SeattleCityLight